Ngayon, higit kailanman, kailangan ng mamamayan ang suporta ng Bayan Muna. Lalong dehado ang mga mahihirap at inaapi kapag nawawalan ng tinig o tunay na kinatawan. At lalo pang tumitindi ang sitwasyon sa ating bayan.

Hindi biro ang 25 taong tapat na serbisyo sa bayan, sa kabila ng mga hamon, dagok at panunupil na naranasan.

Paghandaan ang darating na halalang 2025. Hayaang umalingawnaw ang sigaw ng masa:

**Una sa lahat, BAYAN MUNA!**

# BAYAN MUNA 59
## PARTYLIST SA BALOTA

**BAYAN MUNA NOMINEES:** 1 / Cong. Neri Colmenares • 2 / Cong. Carlos Isagani "Kaloi" Zarate • 3 / Cong. Ferdinand "Ferdie" Gaite • 4 / Cong. Eufemia Cullamat • 5 / Atty. Maria Kristina Conti • 6 / Elizabeth Camoral • 7 / Irma Espinas-Espinosa • 8 / Florentino Viuya Jr. • 9 / Lean Porquia • 10 / Mitzi Tan

BAYANMUNA.COM.PH

bayanmunapartylist   BayanMuna   bayanmuna1999@gmail.com

---

**MAKABAYAN 2025** **TAUMBAYAN SA SENADO, ATING IPANALO!**

Jerome **ADONIS**
Alyn **ANDAMO**
Ronnel **ARAMBULO**
Arlene **BROSAS**
Teddy **CASIÑO**
France **CASTRO**
Mimi **DORINGO**
Mody **FLORANDA**
Mek **LIDASAN**
Liza **MAZA**
Danilo **RAMOS**
→ **makabayancoalition**

Political advertisement paid for and by **Bayan Muna Partylist** Blk 25 Lot 34 Gabriela Silang St., New Capitol Estate 1, Batasan Hills, Quezon City

Pagkilos ng Bayan Muna para sa kalikasan at kabuhayan ng mga mangingisda.




**Mahal natin ang ating bayan, kaya inuuna natin ito.**

Hindi ang mga dayuhan, naghahari at mapagsamantala.

# UNA SA LAHAT: BAYAN MUNA


Sa loob ng 25 taon, isang partylist ang nagpatotoo sa pangalan nito – ang *Bayan Muna*.

Isang partylist na tapat na naglilingkod sa interes ng sambayanan. Isang partylist na palaban, makabayan, na sinundan at nagbigay ng inspirasyon sa iba pang progresibong partylist.


Loob man o labas ng Kongreso, hindi tayo binigo ng Bayan Muna. Simula nang itatag noong 1999, aktibo itong lumalaban para sa kagalingan, karapatan at kasarinlan ng bayan, laluna para sa mga mahihirap at inaapi sa lipunan, na kinabibilangan ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod, pambansang minorya, OFW, at iba pa.

Tumampok ang boses ng Bayan Muna sa pagharap sa maraming isyu ng mamamayan. At sa kabila ng mga paninira, pagkulong, pagdukot at pagpatay sa mga lider at myembro nito, mula pa sa administrasyon ni Arroyo, Aquino, Duterte hanggang Marcos Jr., ay patuloy na lumalaban at naninindigan para sa masa ng sambayanan.

May dahilan para magbunyi ang masa, at bakit nga hindi? Masa na mismo ang magpapatunay nito.




3rd Nominee Cong. Ferdinand Gaite, tagasulong ng nakabubuhay na sahod.




1st Nominee Cong. Neri Colmenares, kaisa ng mga tsuper laban sa jeepney phaseout.




## Murang pagkain, bilihin at serbisyo.

Iginiit ng Bayan Muna ang pagtanggal ng VAT sa langis, kuryente, tubig at toll fee; pagpapababa ng mataas na matrikula at iba pang bayarin sa eskwela; pagpapatigil sa makadayuhang importasyon ng bigas at pagkain; pagbasura ng TRAIN Law; pagbuwag ng rice cartel at sapat na suporta sa magsasaka, lokal na agrikultura at industriya; pagsalungat sa malaking tapyas sa badyet at pribatisasyon sa kalusugan, edukasyon, pabahay, at iba pang batayang serbisyo.



2nd Nominee Cong. Kaloi Zarate, ginawaran ng Congressional Medal of Distinction sa ika-18 Kongreso.

## Sapat na kita, regular na trabaho at ligtas na tirahan.

Isinulong ng Bayan Muna ang pagtaas ng sahod; ipinatitigil ang kontraktwalisasyon sa pribado at pampublikong sektor; ipinatatanggal ang mga buwis sa kontribusyon sa SSS, GSIS, PAG-IBIG, at PHILHEALTH; pinabigyan ng dagdag na pension ang mga opisyales ng barangay at senior citizens; itinulak ang panukalang batas sa occupational safety at health standards para sa BPO employees at call center agents.

## Pagtigil ng korupsyon at katiwalian.

Ibinunyag ng Bayan Muna ang mga tiwaling kontrata at proyekto tulad ng Malampaya Fund, MRT, MWSS, Meralco-ERC ‘midnight deals,’ pati sindikato sa passport.

At kahit pa man nasa labas ng Kongreso—bunga ng imbing pakana ng tambalang Marcos-Duterte na huwag itong makaupo simula 2022—tinuligsa ng Bayan Muna ang korupsyon sa Maharlika Investment Fund ni Marcos Jr. at ang pagdagdag nito ng mga pasilidad miitar ng US sa Pilipinas (sa ilalim ng kasunduan EDCA) para lamang magpakatuta sa US. Gayundin, mariing tinutulan ng Bayan Muna ang militarisasyon ng China sa West Philippine Sea at panggigipit nito sa ating mga mangingisda.

***“Hindi namin sinasanto ang kurakot. Basta kurap ka, lagot ka sa Bayan Muna.”***

***Cong. Neri Colmenares***
*Bayan Muna 1st Nominee*

Hindi rin nakaligtas sa panunuri ng Bayan Muna ang pakanang charter change ni Duterte noon para manatili sa kapangyarihan, confidential funds ni Sara ngayon, at paglaganap ng POGO. Hindi rin tumigil ang Bayan Muna na panagutin si Duterte sa krimen nito kaugnay sa human rights violations, habang patuloy na sinisingil ng Bayan Muna si Marcos Jr. sa mga patakaran nito na walang pinag-iba kay Duterte laluna sa pagpapahirap sa masa at pagkitil ng mga karapatan nila.